OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [handwritten initials]
Date: 5/20/24 Time: 1:58

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-66

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT ANG LABING APAT (14) NA BARANGAY NG BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA PAGDADALA NG BASURA NG BAWAT BARANGAY SA *MATERIALS RECOVERY FACILITY* (MRF) NG BAYAN NG BUSTOS."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Wilfredo G. Canoza**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pangangalaga sa Kapaligiran**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at ang labing apat (14) na barangay ng Bustos, Bulacan na kakatawanin ng mga kani-kanilang Punong Barangay;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa paghihiwalay ng mga basura sa bawat barangay bago ito dalin ng mga barangay eco aide sa Materials Recovery Facility (MRF) na nakadatal sa barangay Catacte, Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** ang mga basurang hindi naka-*segregate* ay maaaring hindi pahintulutan na dalin at tanggapin sa MRF ng Bayan ng Bustos;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pagpupulong ay napatunayang ang paghihiwalay ng basura ay hindi lamang tungkol sa pagsunod sa mga regulasyon o batas, kundi ito ay isang hakbang tungo sa pagpapalago ng isang mas malusog at *sustainable* na kapaligiran para sa lahat.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. WILFREDO G. CANOZA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin at lumagda sa isang *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at ang labing apat (14) na barangay ng Bustos, Bulacan na nauukol sa pagdadala ng basura ng bawat barangay sa *Materials Recovery Facility* (MRF) ng Bayan ng Bustos.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-15 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-15 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim